TULA

Pag-ibig sa Tinubuang Lupa: Kahulugan at Gawain

Tula ni Andres Bonifacio (dominyo publiko). Ang kahulugan at gawaing ito ay inihanda ng akingmaiklingkwento.com batay sa tekstong nasa Wikisource.

Buod

Nagsisimula ang tula sa papuri sa pag-ibig sa bayan, nagiging mabagsik ang tono mula sa ika-15 saknong dahil sa pang-aapi, at nagtatapos sa panawagan sa mga api na bumangon.

Kahulugan ng bawat saknong

- Saknong 1: Tinatanong kung may pag-ibig na mas dalisay at mas dakila kaysa sa pag-ibig sa tinubuang lupa. Ang sagot: wala.
- Saknong 2: Kahit ulit-ulitin ang pagsusuri, ang bayan pa rin ang sentro ng ganitong pagmamahal.
- Saknong 3: Binabago ng banal na pag-ibig na ito ang puso ng sinuman, mahirap man o mangmang, at ginagawa silang marangal.
- Saknong 4: Pinupuri ang mga nagmamahal sa bayan at ipinapahayag ito sa awit, tula at sulat.
- Saknong 5: Ang yaman, talino, pagod at maging ang buhay ay handog ng pusong makabayan.
- Saknong 6: Tinatanong kung ano ang pinakadakilang dapat paglingkuran; ang sagot ay ang inang bayan.
- Saknong 7: Ang bayan ang unang minamahal ng tao at nagbibigay ng init at liwanag sa kanyang buhay.
- Saknong 8: Ang bayan ang nagbigay ng unang hangin at ginhawa sa mga anak nitong nagdurusa.
- Saknong 9: Kasama ng pag-ibig sa bayan ang lahat ng minamahal ng tao mula pagsilang hanggang kamatayan.
- Saknong 10: Ang pangarap na dumating ang araw ng kalayaan para sa mga inaapi, at ang bayan ang lugar ng tagumpay na iyon.

• Saknong 11: Ang mga punongkahoy, gubat at parang ay nagpapaalala sa ina, sa minamahal at sa nakaraang kasiyahan.

• Saknong 12: Ang malinaw na tubig at ang huni ng batis ay nakagagaan sa lungkot ng puso.

• Saknong 13: Kaawa-awa ang nalayo sa tinubuang lupa, dahil ang tanging nais niya ay makita muli ang bayan.

• Saknong 14: Kahit ang pagdurusa at kamatayan ay nagiging matamis kapag para sa bayan; lalo pang tumitibay ang debosyon sa hirap.

• Saknong 15: Kapag nanganganib ang bayan, handang iwan ng tao ang pamilya at mahal sa buhay upang ipagtanggol ito.

• Saknong 16: Kung niyuyurakan at minamaliit ang mga Tagalog, nasisira ang dangal ng bayan, tulad ng pagkaapi sa kamay ng mabangis na hayop.

• Saknong 17: Nasasaktan ang puso ng Tagalog sa mga insulto; tinatanong kung sino ang hindi maghihimagsik.

• Saknong 18: Tinatanong kung saan magmumula ang pagsisisi sa paghihiganti at pag-aalay ng buhay kung ang naghihintay ay pagkaalipin din.

• Saknong 19: Tinatanong kung ano ang mangyayari kapag bumagsak ang bayan sa panlilinlang at pagkaalipin: luha na lang ang matitira.

• Saknong 20: Sino ang hindi kikilos sa ganitong kalagayan? Walang halaga ang pusong ayaw magbigay ng dugo at buhay para sa bayan.

• Saknong 21: Matitiis ba ng tunay na anak na pabayaan ang inang bayang niyurakan ng mga Kastila, na ang kapalit ay hirap?

• Saknong 22: Nasaan ang dangal ng mga Tagalog at ang dugong dapat ibuhos? Bakit hindi kumikilos ang bayang inaapi?

• Saknong 23: Panawagan sa mga umasa sa ginhawa ngunit pait ang inabot: mahalin at ipagtanggol ang bayan.

• Saknong 24: Panawagan sa mga pagod at nanghina sa hirap: muling magkaroon ng tunay na pag-ibig at ipahayag ito sa inaaping bayan.

• Saknong 25: Panawagan sa mga nawalan ng pag-asa: muling mabuhay at mamukadkad para sa bayan.

• Saknong 26: Panawagan sa mga pusong durog sa daya at kalupitan: bumangon, dahil humihikbi ang bayan at naghihintay ang mga anak.

• Saknong 27: Panawagan sa mga dukhang walang yaman: iligtas ang bayan, dahil ang ginhawa nito ay ginhawa ng lahat.

• Saknong 28: Huling paalala: mahalin nang lubos ang bayan higit sa lahat at ialay ito nang buong puso bilang lingkod.

Gawain: sagutin ang mga tanong

1. Sino ang sumulat ng Pag-ibig sa Tinubuang Lupa at kailan ito nalathala?

2. Ilan ang saknong at ilang taludtod bawat saknong?

3. Ano ang pangunahing tema ng tula?

4. Ano ang tinatanong ng unang saknong at ano ang sagot nito?

5. Paano nagbabago ang tono ng tula mula ika-15 saknong?

6. Sino ang mga kinakausap ng mga saknong 23 hanggang 27?

7. Ano ang masasabi mo sa pananaw ni Bonifacio na ang pag-ibig sa bayan ang pinakadakila? Ipaliwanag.

Mga sagot

1. Si Andres Bonifacio. Nalathala ito noong 1896 sa unang labas ng Kalayaan, ang pahayagan ng Katipunan, at nilagdaan ng mga titik na A.I.B.

2. 28 saknong na tig-apat na taludtod, o 112 taludtod.

3. Ang pag-ibig sa bayan bilang pinakadakilang pag-ibig, at ang pagiging handang magsakripisyo, hanggang sa buhay, para sa kalayaan.

4. Tinatanong nito kung may pag-ibig na mas dalisay at mas dakila kaysa sa pag-ibig sa tinubuang lupa; ang sagot ay wala.

5. Mula sa papuri sa pag-ibig sa bayan, nagiging panawagan itong lumaban dahil sa pang-aapi at pagyurak sa dangal ng mga Tagalog, at sa dulo ay nagiging tuwirang pag-anyaya sa mga api na kumilos.

6. Ang mga nabigo, napagod, nawalan ng pag-asa, nadurog ang puso at ang mga dukha.

7. Malayang sagot. Hayaang magbigay ang mag-aaral ng dahilan at halimbawa mula sa tula.

Mga pinagkunan

- Wikisource (Tagalog): Pagibig sa tinubuang Bayan
- Wikipedia: Pag-ibig sa Tinubuang Lupa